

Pamantayan ng Nominasyon para sa "2020 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino"

Noong 1989, inaprobahan at ipinatupad sa Unibersidad ng Pilipinas ang isang *Patakarang Pangwika*. Sa pangkalahatan, itinatagda nito na Filipino ang magiging pangunahing midyum ng pagtuturo at pananaliksik sa UP. Itinatagda rin nito na magbibigay ng mga insentibo at gawad sa paggawa ng mga teksbuk, materyales sa instruksiyon, mga pantulong sa pagtuturo, at iba pa.

Sa pagsasadiwa ng *Patakarang Pangwika*, binuo ang "Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino." Pangunahing layunin nito na kilalanin ang mga mananaliksik na gumagamit ng wikang Filipino sa pananaliksik sa alinmang disiplinaryang pang-akademiko.

Ang kahusayan ng nominado bilang mananaliksik sa Filipino ay susuriin batay sa mahusay at epektibo niyang paggamit sa Filipino bilang kasangkapan sa pananaliksik, gayundin ang kabuluhan ng kaniyang pananaliksik sa lipunang Filipino at sa akademikong komunidad ng UP.

Narito ang mga tiyak na panuntunan at pamantayan sa pagpili ng pagkakalooban ng Gawad:

I. Pangkalahatang Panuntunan

1. Bukas ang "Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino" sa lahat ng regular o *full time* na REPS at fakulti na naglingkod sa UP Diliman nang hindi bababa sa tatlong taon. Pipili ng pagkakalooban ng Gawad mula sa mga REPS at mula sa fakulti. Hindi tatanggapin ang nominasyon ng may estadong *Non-UP Contractual*.
2. Sakop ng Gawad ang resultang pananaliksik ng mga mananaliksik mula noong maipatupad ang *Patakarang Pangwika* noong 1989 hanggang sa kasalukuyan. Kinakailangang may pagbanggit sa Unibersidad ng Pilipinas bilang kinaaanibang institusyon ng mga mananaliksik sa mga isasamang pananaliksik. Kaugnay nito, kailangan nilang magsumite ng *curriculum vitae* at Portfolio ng Pananaliksik na magpapatunay sa pagtataguyod at paggamit sa wikang Filipino gaya ng sumusunod:
 - a. mga pananaliksik (nalathala at di-nalathala) sa iba't ibang disiplina na nakasulat sa Filipino;
 - b. kung nalathala bilang aklat o bahagi ng isang teksbuk, dapat na ilagay ang taon ng pagkalathala at pangalan ng pabliser;
 - c. kung nalathala sa journal, tukuyin kung ito ay *refereed*, sino ang pabliser, at iba pang detalye na makatutulong sa mga hurado sa pagbibigay ng puntos;
 - d. kung ang saliksik ay binasa sa isang kumperensiya, tukuyin ang pangalan ng kumperensiya, petsa, venue, detalye ng organisador, at kung ito ay dumaan sa *peer review*;
 - e. kung nagkaroon ng partisipasyon bilang editor o kasamang editor ng isang publikasyon ng saliksik sa Filipino, magbigay ng deskripsiyon ng gawain, pabliser, mga kasama sa publikasyon gaya ng kontribyutor, at iba pa. Isusumite ang mga preliminaryong pahina ng publikasyon; at
 - f. tesis at/o disertasyon na nakasulat sa Filipino. Isusumite ang abstrak.
3. Maaaring magmula ang nominasyon sa isang indibidwal, kolehiyo, organisasyon sa UP Diliman, o maaari ding mag-aplay ang mismong indibidwal na nais magawaran.
4. Dapat sagutan ang pormularyo ng nominasyon at maisumite ang *hard copy* at *soft copy* nito sa tagapamahala ng gawad.
5. Magsumite ng sulat nominasyon na nagsasaad ng lawak ng kaalaman ng nagnonomina sa karanasan sa pananaliksik ng nominado. Mangyaring bigyang-

pansin ang katatasan/ kahusayan sa gamit ng wika sa pagsusulong ng pananaliksik sa napiling larangan.

6. Maaaring imbitahin ng Komite sa Seleksiyon para sa isang panayam ang mga nominado at iba pang may kaugnayan sa nominasyon.
7. Ipadadala ng Komite sa Seleksiyon sa Opisina ng Tsanselor ang resulta ng kanilang ebalwasyon sa mga nominado at magrerekomenda ng karapat-dapat na magawaran. Ang Tsanselor ang may pinal na pasiya.

II. Pangkalahatang Pamantayan

1. Output

- a. Ang mga pananaliksik ay nagpapakita ng husay at epektibong paggamit ng Filipino.
- b. Magkapantay na titimbangin ang dami ng nagawang pananaliksik sa Filipino upang patunayan ang kanilang pagiging masugid na tagapagtaguyod ng wikang Filipino gayundin ang kalidad ng kanilang pananaliksik upang patunayan ang kanilang pagiging mahusay na mananaliksik.
- c. Bukod sa wika, magiging pangunahing batayan sa Gawad ang nilalaman, kahalagahan, at kabuluhan ng mga nagawang pananaliksik sa lipunang Filipino at sa UP lalo na sa pagtuturo; at/o kung ito ay naglalatag ng inobasyon sa mga paksang bihirang natatalakay sa Filipino gaya ng sakop ng larang ng agham, matematika, teknolohiya, at iba pa.

2. Critical Factor

Bibigyan din ng konsiderasyon ang iba pang naitalang gawad o gantimpalang natamo ng nominado na may kaugnayan sa kaniyang paggamit ng Filipino sa pananaliksik, mga citation at rebyu ng kaniyang mga saliksik at publikasyon sa Filipino.

Kinakailangang ang mananaliksik ay nagpapakita ng katapatan at integridad bilang mananaliksik at hindi napatunayang nagkasala sa mga kasong administratibo at iba pa na may kaugnayan sa *plagiarism*.

Bagaman ang tuon ay sa mga gawaing pananaliksik, isasaalang-alang pa rin ang marka sa SET (Student Evaluation of Teacher) ng fakulti at marka sa PES (Performance Evaluation System) ng REPS. Kailangang maipakita nitong mahusay ang pagganap ng mananaliksik sa kaniyang regular na tungkulin.

III. Deadline ng Nominasyon

Inaasahang maisumite ang lahat ng nominasyon sa Opisina ng Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad sa o bago ang **ika-5:00 n.h., 6 Disyembre 2019.**

PINAL ANG DESISYON NG TSANSELOR SA PAGPILI NG PAGKAKALOOBAN NG GAWAD.